

# Sistema ng Pagkontrol sa Lason ng California (California Poison Control System)

Hotline ukol sa Lason (Poison Hotline): **1-800-222-1222**

## Tungkol sa California Poison Control System

Kami ang itinalaga at akreditadong sentro ukol sa lason para sa paggamot at payo ukol sa lason sa California. Tumawag sa aming toll-free na Poison Hotline sa **1-800-222-1222**. Handang tumulong ang aming team ng mga eksperto sa lason anumang oras.



### Ano ang lason?

Ang lason ay isang kemikal na maaaring makapinsala sa iyong katawan kung mahawakan, matikman,

malanghap, o malunok mo ito. Ang pagkalason ay ang numero unong nangungunang sanhi ng mga pagkamatay na may kaugnayan sa pagkapinsala sa Estados Unidos.



### Paano makakatulong ang Poison Hotline sa iyo?

Ang aming mga eksperto sa lason ay handang tumulong at sagutin ang anumang tanong o alalahaning may kaugnayan sa lason sa **1-800-222-1222**.


- **Mabilis:** Sasagutin agad ng aming mga tauhan ang iyong tawag sa telepono.
- **Libre:** Walang singil. Maaari kang tumawag kung gaano karaming beses mong kailangan.
- **Eksperto:** Makakatanggap ka ng tulong mula sa totoong tao. Ang mga tauhang sumasagot sa telepono ay mga parmasyutiko, nars, doktor, at espesyalista sa impormasyon sa lason.
- **Pribado:** Hindi ibinabahagi sa kahit sino ang iyong personal na impormasyon. Hinihingi namin ang iyong pangalan at numero ng telepono para matawagan ka namin para masiguradong OK ka.

### Kailan dapat tawagan ang Poison Hotline

- Kung mayroon kang tanong na may kaugnayan sa lason.
- Kung nakahawak, nakatikim, nakalanghap, o nakalunok ka o ang ibang tao ng bagay na maaaring nakakapinsala.



Tumawag sa 911 kung may nakakaranas ng mga sintomas na nagbabanta sa buhay tulad ng kahirapan sa paghinga, kawalan ng malay, o hindi makontrol na panginingig.



### Bakit dapat tawagan ang Poison Hotline?

Ang Poison Hotline na **1-800-222-1222** ay toll-free na numerong nagbibigay ng tulong at payo sa paggamot na may kaugnayan sa lason. Matatawagan ang numerong ito ng publiko 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, 365 araw kada taon. Available ang mga serbisyo sa pagsasalang-wika sa mahigit 200 wika. Nag-aalok din kami ng payo sa paggamot sa medikal na tauhan sa pamamagitan ng nakatalagang numero ng telepono para sa mga medikal na propesyonal.

Bisitahin ang [calpoison.org](http://calpoison.org) para matuto pa at mag-order ng mga libreng materyales.

[@calpoison](https://www.facebook.com/calpoison)  
[@poisoninfo](https://twitter.com/poisoninfo)

I-text ang TIPS sa 20121 para sa impormasyon sa kaligtasan mula sa lason sa Ingles. I-text ang PUNTOS para sa Espanyol.



**Huwag Magbakasakali.  
Manigurado.**